**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**
**BY PETER MUSNGI AND PAT DAZA, DZMM SPECIAL COVERAGE**
**April 21, 2020**

**MUSNGI:** Teka maputol kita, kailangan na nating i-introduce ang ating unang panauhing pandangal. I call him the double HR, iyan… Ito na… the reigning, defending, two-time Spokesperson Harry 'Human Rights' Roque! *[laughs]* Kita mo na, double HR iyan eh *[laughs]*… Secretary, kumusta ka na.

**DAZA:** Secretary, welcome back!

**SEC. ROQUE:** Mabuti Boss Peter at classmate Pat; nasa TV po ako, so naka-uniform po tayo.

**DAZA:** Oo, tatlo tayong nakaputi, nag-usap-usap. But congratulations Attorney, Secretary ka na ulit.

**SEC. ROQUE:** Oo, salamat.

**MUSNGI:** Ang tagal na naming hindi nakapanayam ng Spokesperson dito sa programa ha, sa totoo lang *[laughs]*.

**SEC. ROQUE:** Kayo talaga, hayan tuloy napapatawa rin ako. Ang sabi sa akin ng opisina dapat seryoso, hayan tumawa na ako.

**DAZA:** O sige, seryoso na tayo.

**MUSNGI:** Attorney Harry, it's really good to have you.

**SEC. ROQUE:** Salamat, Boss Peter.

**MUSNGI:** Siguro ang unang itatanong namin eh iyong inyong—kanina nagkaroon kayo ng presscon ano po, at marami kayong nabanggit. So malinaw-linaw na ba kahit na wala pa pong official advisory, ano po, na the extension, the so-called extension will not actually involve the entire Luzon but possibly just Metro Manila and some other provinces. Can you already tell us something about that?

**SEC. ROQUE:** Well, hindi po natin puwede pangunahan ang Presidente, pero ang rekomendasyon ng mga dalubhasa sa labas po ng gobyerno ay base naman sa siyensya, hindi na siguro kinakailangan na ipagpatuloy ang lockdown sa mga area na walang outbreak ng

COVID-19. So dito naman po sa Luzon, ang talagang mayroon nang outbreak ng COVID-19 ay ang Metro Manila, CALABARZON at bahagi ng Bulacan. So iyong mga areas na mababa lang ang numero ng COVID-19 o 'di naman kaya wala, dahil mayroon tayong mga COVID-free areas sa Luzon, ang minumungkahi ng mga dalubhasa na sa labas ng gobyerno ay pupuwede nang either i-relax o 'di naman kaya tuluyan nang i-lift.

Pero unfortunately po maski hindi sila taga-gobyerno, ang rekomendasyon din po nila ay siyempre sa mga areas na mayroong public outbreak pa rin ng COVID-19, kasama ang Metro Manila at CALABARZON, ay kinakailangan pa rin po sigurong pangalagaan ang kalusugan ng mga mamamayan, dahil kung hindi po – dadami. Pero alam ninyo po ang desisyon ng Presidente ay nakabase rin doon sa pag-increase ng kapabilidad natin magkaroon ng mass testing. Kasi LIC po iyan eh, ang solution po ngayon bukod pa doon sa tinatawag nilang ECQ ay iyong Locate, Isolate and Cure.

So matapos ang anim na linggo ng quarantine, eh siguro kung mas madami na iyong nati-test natin, eh marami na tayong maa-identify kung sino talaga iyong pupuwedeng manghawa ng iba. At mayroon naman tayong mga facilities na, iyong mga We Heal as One Centers kung saan pupuwedeng manatili iyong mga positive na walang bayad at air conditioned pa. So ilan po doon sa mga We Heal as One Centers ay iyong Rizal Memorial Stadium, iyong PICC, iyong World Trade Center sa Metro Manila po; at sa probinsya marami po tayo diyan sa Athletes Village ng Pampanga, sa ASEAN Center, sa Philippine Arena.

At iyan naman po ay dahil alam natin na hindi naman forever na mawawalan ng kabuhayan ang ating mga kababayan dahil hindi naman natin kayang buhayin ang lahat ng Pilipino sa buong Luzon. Kinakailangan din humanap tayo ng balanse doon sa pagbibigay ng kahalagahan sa buhay at saka doon sa kabuhayan ng ating mga kababayan. Basta siguraduhin lang po natin na kung anong gagawin ng Presidente, iyong pagdami po ng kaso ay kayang bigyan ng serbisyo ng ating health sector. Iyon po iyong ating hinahanap na balanse.

**DAZA:** Okay. Sec. Roque, alam ko hindi ninyo puwede dapat pangunahan ang Presidente, pero mayroon na ba siyang binigay na araw kung kailan niya ia-anunsiyo kung ano na ang magiging bagong sistema, kung i-enhance, kung ipagpatuloy, ili-lift or imo-modify. Within the week, may timeframe po ba na sinabi po ang Presidente?

**SEC. ROQUE:** Wala po. In fact, I stand corrected kasi kahapon ang sabi ko baka within the week baka makadesisyon na si Presidente. Pero ang sabi niya kahapon ay – iyong makalawa pala, sinabi ko within the week – pero ang sabi niya kahapon, ayaw niya magbigay ng kahit anong pronouncement dahil kapag siya ay nagsabing iri-relax, sigurado po iyan lalabas ang mga taumbayan sa kalye.

Ang aking pakiusap po, ang pinal na desisyon ng Presidente ay nakasalalay doon sa datos, kung na-flatten na ba natin iyong curve at naitaas na ba iyong linya, iyong kakayahan ng ating health sector para magbigay ng pangangailangan ng ating mga kababayan. Kaya importante

po na itong mga nananatiling araw – siyam na araw na lang mga kababayan! – pagtiisan na po natin dahil tuluyang dapat bumaba, ma-flatten ang curve.

Nagsisimula naman po talaga na mag-flatten ang curve kaya lang hindi pa po malinaw. Pupuwedeng ano lang iyan, pupuwedeng nangyari lang na panandalian pero kung tayo po ay mananatiling maging homeliners, manatili sa ating mga tahanan, eh baka pupuwede nang ma-flatten ang curve at mas madali magdesisyon ang Presidente kung gusto niyang mai-relax.

So ang outcome po, ang desisyon ng Presidente, nakabase na rin po sa ating mga kamay. Maging homeliners po tayo, manatili sa ating mga tahanan.

**MUSNGI:** Okay. Secretary, ako naman po iyong magtatanong… Dahil a few days ago, kayo ay kababalik pa lang po ninyo ay napagtuunan ninyo ng pansin iyong pangunguna ng Pilipinas sa number of cases in Southeast Asia. And since then, medyo hindi na po tayo iyong nangunguna. Mukhang nagkaroon ng reinfection yata ang tawag doon or second wave sa Singapore. So sila na ngayon sa ASEAN ang number one at sumunod yata ang Indonesia at pangatlo ang Pilipinas. So in other words, sa biglang tingin, eh mukhang mayroon na po tayong improvement kahit paano, ano po. But ang tanong dito is, do we really have all the necessary test kits para masabi na we are already keeping up with the number of cases or at least eh bahagya na lang po iyong backlog sa testing, Sec. Harry?

**SEC. ROQUE:** Hindi pa po ano, kaya po ang ginagamit natin eh kumbinasyon ng PCR at saka ng rapid test kits. Dahil ang importante po is LIC – Locate, Isolate and Cure 'no. So kaya nga po ang Presidente ay hindi na hinintay ang Department of Health, siya na mismo ang nagsabi, "*Ako na ang mananagot, ikulong ninyo ako kung gusto ninyo, pero gagamitin ko na ang pondo ng kaban ng bayan,*" para bumili ng rapid test kits din na gagamitin kasama ang PCR.

Nagagalak po ako na ngayong hapon, nanggaling po ako doon sa Philippine National Red Cross National Headquarters kung saan nagkaroon po ng inauguration iyong kanilang testing facility, na pupuwedeng magproseso nang hanggang 8 to 12 thousand na PCR testing. Pero ang nangyari naman po, eh bumagal naman iyong testing sa RITM dahil kuwarenta yata nilang mga tao ay nagkaroon ng COVID, so ngayon ay mapapabagal. So imbes na mayroon na po tayo sanang 8 plus 8 minimum, eh medyo ho babagal iyong testing sa RITM, bagama't mataas pa rin dahil nandiyan na nga iyong PNRC facility.

So ang pakiusap ko naman, eh kinakailangan po iyong mga LGUs, gaya ng Marikina, iyong mga may kakayanan eh gumawa na rin ng kanilang sariling testing facility, at saka iyong paggamit po ng rapid testing in conjunction with PCR. Kasi talagang kinakailangan po ngayon, kung nais nating maiwasan iyong complete—iyong itong ganitong ECQ, is LIC – Locate, Isolate and Cure – dahil kung hindi po, patuloy na kakalat iyan.

Eh ang problema dito sa COVID-19 dahil sa throat po talaga nagsisimula iyan, eh talagang mabilis kumalat dahil lahat nagsasalita, so importante iyong social distancing at saka iyong paggamit po ng mask.

**DAZA:** Oo. Secretary Roque, speaking of iyong mga testing kit, isa sa mga pinahayag ng Presidente kahapon ay magbibigay siya ng parang reward kung sinuman maka—

**SEC. ROQUE:** Reward.

**DAZA:** Oo, ng imbento, ng vaccine na makakapag—para mawala ang COVID-19. I'm just wondering if there is also an incentive for the team of Dr. Raul Destura na nakaimbento sila ng COVID-19 test kit na ngayon na ginagamit na rin, kasi nagkaroon ng ubusan worldwide, iyong supply. Is there anything also for the UP Team that discovered this?

**SEC. ROQUE:** Well sinabi rin po ng Presidente, nangako siya at dalawa po ito ha. Mali po iyong nalalathala sa balita ngayon. Ang pangako ng Presidente, magbibigay siya ng separate grants sa UP system, sa UP-PGH para magkaroon ng vaccine. At ito naman po ay pagkilala na talaga, iyong papel na ginawa ng UP dito sa laban natin sa COVID-19 kasama na diyan iyong, our very own testing kit, made in the Philippines na ngayon po ay mina-mass produce na para magamit nga natin. Dahil kung wala po talagang mass testing, hindi po natin mae-LIC.

**MUSNGI:** Okay. Ako naman po, Sec. Harry. Gusto kong i-pursue iyong testing—sorry, not testing but iyong vaccine ano ha. So there is no cure right now, wala pa ring vaccine. Ang pinakamalapit po yata eh iyong research at saka test na ginagawa sa Oxford University sa England and they are saying na if all goes well, baka by the fall eh maaari nang magamit iyong vaccine na iyon. So I was thinking, wala po ba tayong tie up with any nation/country na who is already deep into the testing of a COVID-19 vaccine?

**SEC. ROQUE:** Well alam ninyo po bago lang naman talaga itong vaccine sa COVID kasi bagong sakit lang iyan eh. Ngayon po, wala akong alam na tie up, bagama't bago po ako bumalik ng gobyerno alam ko po na iyong Johns Hopkins University ay nakapag-usap sa UP System dahil gusto nilang magkaroon ng kolaborasyon pagdating sa clinical researches kasi napakamahal i-conduct ang clinical research sa America. So nais nilang i-outsource sana sa UP-PGH ito.

At iyong pinaplano ngang bagong PGH sa Diliman eh mayroong espasyo doon para doon sa clinical research na gagawin ng UP para sa iba't-ibang mga pamantasan. So may ganiyan pong collaboration at naniniwala po ako na pupuwedeng magkaroon pa rin ng further collaboration pagdating sa COVID. At ang Presidente nga po ay, unang-una, nagsabi na na tayo'y makiki-cooperate sa WHO pagdating sa clinical testing. Sinabi na rin po niya sa Japanese Prime Minister at sa Chinese Premier na handa po tayo na tumulong pagdating sa clinical testing. In other words, iyong tinatawag pong solidarity testing 'no, kinakailangan po pumayag iyong mga may sakit na COVID na subukan sa kanila iyong mga posibleng gamot o mga posibleng vaccines laban sa COVID-19.

**DAZA:** Oo. Ako, Secretary Roque kasi, iyong meeting ninyo kahapon umabot ng limang oras...

**SEC. ROQUE:** Limang oras po.

**DAZA:** And you had to go to Malacañang. I'm wondering, can you tell us iyong mga behind the scenes. How was the meeting conducted? Kasi nga dapat may social distancing, dapat walang malalaking gathering and yet I heard marami pong nagpunta sa Malacañang kasi nga the President is torn between a rock and—

**SEC. ROQUE:** A hard place.

**DAZA:** Hard place, 'di ba? So how was it and five hours?

**SEC. ROQUE:** Well sa larawan ko pong pinost sa aking Facebook at sa ating Instagram, makikita ninyo po na talagang pinatutupad ng Malacañang ang social distancing. Pangalawa po, lahat ng tao kinakailangan magkaroon ng mask at mayroon pong binigay ang PSG na parang helmet. So mayroong helmet na plastic at mayroon pang mask para nga po maprotektahan ang Presidente at ang upuan po talaga, mayroong social distancing.

So pagdating po sa pagpupulong, maski maraming dumating, nasunod naman po ang social distancing. Pero kanina po doon sa inauguration ng Red Cross facility, naku po, walang social distancing. Ang media, naku! Pag tingin lang ng ambulance ay nagtabi-tabi sila kaya po ako, lumalayo ako sa kanila – nakakalimutan po nila that the new norm now is social distancing.

**MUSNGI:** Oo. Secretary, iyon pong—hindi ko alam kung urban legend ito dahil maraming nagtsitsismis na every time somebody goes to Malacañang daw pini-prick iyong finger for testing. Is that true?

**SEC. ROQUE:** Eh iyan naman po ay inanunsiyo ko na rin at sinabi na rin ni Foreign Affairs Secretary Teddy Boy Locsin. At ang sinabi ko nga po, eh hindi naman kami—we are not apologetic for that. We are using rapid testing, iyan po ay mura at kinakailangan nga po iyan ang gamitin natin for mass testing dahil kinakailangan maibaba natin sa lebel ng mga barangay ang testing.

At the PSG naman po takes full responsibility for this, they make no apologies dahil ang Presidente po belongs to a vulnerable group, iyong mga senior citizen. So kung pupuwede nga pong instant result sa PCR, I'm sure ire-require din iyan ng PSG pero hindi nga po pupuwede pa sa ngayon.

**DAZA:** Oo. And now the question Secretary Roque, is there a chance daw that the next time the President is going to have a press conference, mas maaga-aga because the past presscon umaabot ng hatinggabi at napupuyat although nga wala namang dapat ano, iyong mga tao wala naman talagang pinagpupuyatan, dapat gagawin. Still, sinasabi nila iyong Presidente is

such a nocturnal creature na hatinggabi or malapit na sa hatinggabi na nagbibigay ng presscon *[laughs]*.

**SEC. ROQUE:** Classmate, panira ka naman sa diskarte ng Spokesperson. Kita mo ngisi ako nang ngisi dahil sa iyo *[laughs]*. Kailangan kong itawa *[laughs]*. Ikaw talaga kasalanan mo ito, nasira tuloy iyong diskarte ko! Pero mabalik ako sa dati kong diskarte.

Well nakipag-ugnayan na po ako sa PSG at sa ating communication group 'no at I have been looped in na po 'no, kakabalik ko lang naman po at ang sa akin talaga ay importante na marinig ng taumbayan ang Presidente. At dahil dito, kinakailangan ipakita natin ito kumbaga sa primetime. Although tama ka 'no, all the time is prime time now na ngayon tayo ay nasa ECQ 'no. Pero siyempre maraming natutulog na kapag late na sa gabi, so tingin ko naman po ang mga susunod na talumpati ng Presidente ay nasa primetime na. At in fact iyong last time po na nagtalumpati ang Presidente sa sambayanan eh maaga-aga na po.

**MUSNGI:** Secretary, kasi kagaya mo I'm torn between iyong sinabi ng DOH na, "*Hoy kayo matulog kayo nang maaga to build up your defenses,*" and finding out what the President says 'no. Of course nandiyan naman kayo Secretary Harry, oo, pero ang daming mga kumukuha at nagsa-summarize ng mga sinasabi ng Pangulo. So I guess it goes without saying na siyempre mayroon iyong iba dadaplis, baka mali iyong interpretasyon, ano ha?

Now let me move on if I may Secretary to another aspect of this COVID-19 pandemic ano po. We've talked about iyong physical eh, this is also just as much as a financial crisis, ano po? Ano po ba talaga ang lagay na noong mga social amelioration program, na mga giveaways, mga subsidies na pinamimigay ng ang dami-daming ahensiya ng gobyerno – may DOLE, may SSS, mayroong LGU… parang masyado pong nakaka-confuse. Eh, is there anybody tracking this, the numbers Secretary?

**SEC. ROQUE:** Ako po, iyan po ay regular kong inuulat sa ating sambayanan at ito po ay sinusumite naman ng Presidente linggo-linggo tuwing Lunes sa Kongreso dahil iyan po ang nakasaad sa Bayanihan We Heal as One Act 'no. At nakasumite nga po tayo sa Kongreso ng report na ito noong Lunes at ang highlight po ng report diyan, lalong-lalo na doon sa social amelioration program, eh halos lahat na po noong kalahati na dapat maibigay sa ating mga nangangailangan ng tulong ay nakarating na sa mga LGUs o nai-release na.

So ang pag-uusapan na po eh iyong para sa susunod na buwan. Marami pong programa ang DOLE, at least dalawa po iyan. Iyong isang special COVID program nila at saka iyong TUPAD, at nire-release ko po iyong datos kung ilang mamamayan na ang nakakakuha ng tulong. At siyempre po nandiyan din iyong programa ng DOTr, kabahagi rin ng SAP iyong binibigay nila sa mga drivers 'no.

So ang katotohanan po, alam natin na hindi natin pupuwedeng palitan iyong kinikita ng ating mga kababayan dahil hindi sila makapagtrabaho ngayon. Ang sinisiguro lang natin, mayroong

pagkain sa hapag-kainan habang tayo po ay nasa ilalim ng ECQ dahil wala namang ibang paraan para talaga mapabagal ang pagkalat ng sakit kung hindi dito sa ECQ.

At oo nga pala nais kong sabihin, na iyong mga datos na nakakalap natin na nakikita natin na nagpa-flatten na iyong curve. So napakalaking tagumpay po itong ECQ, napakahirap para sa taumbayan, walang kita, walang magawa pero nakita po natin napakadaming buhay ang ating nasalba sa pagiging homeliners ng lahat ng ating mga kababayan.

**DAZA:** Sec. Roque, my last question before matapos itong interview. Kapag bumalik na sa normal ang mga Pilipino sa trabaho at lahat, ano magiging unang, kumbaga, magiging priority? Kasi parang naisantabi muna iyong Build, Build, Build which is supposed to be the flagship or the legacy of President Duterte but that had to take a backseat. So paano na ngayon ire-rebuild iyong Build, Build, Build dahil doon—parang sa pagkaintindi ko 'no, iyong pera na ginagamit ngayon, doon muna kinuha iyong pondo na isantabi muna iyong Build, Build, Build para iyon ang ipamigay sa mga nangangailangan.

**SEC. ROQUE:** Hindi naman po. Kakaunti lang namang bahagi ng Build, Build, Build iyong nailaan natin para sa tulong sa ating mga kababayan. At ang ginawa ng Kongreso ay binigyan ng kapangyarihan ang Presidente na mag-realign galing doon sa mga iba't-ibang mga pagkakagastusan kasama na po iyong mga pondo ng mga GOCCs. So naintindihan ko po iyan, that will have amount to more or less 300 billion 'no bukod pa doon sa social amelioration program.

Hindi po natin pupuwedeng bitawan ang Build, Build, Build dahil ito po talaga ang istratehiya natin para makabawi din. Dati po iyan iyong istratehiya, na dahil kung bakit nagkaroon tayo ng 6.5 plus average growth every year for the past, almost four years. So iyan pa rin po ang ating istratehiya para makabangon muli ang ating ekonomiya kasama na po iyong mga ayudang binibigay natin sa ating mga kababayan dahil habang nagbibigay ka ng ayuda, siyempre nagkakaroon ng mas maraming pera sa ekonomiya na umiikot.

**MUSNGI:** Okay. Tapos na po si Pat Daza, ako naman eh mga dalawampu't apat na lang iyong tanong ng aking ano… *[laughs]*

**SEC. ROQUE:** Okay lang po.

**MUSNGI:** Secretary Harry, ito po ay mga—I will compress this ano po. Nakausap namin ang DOLE several times at mukhang ang mensahe po kasi talaga eh wala na silang budget kaya nga hindi na sila nag-a-accept ng mga panibagong application for, iyong mga P5,000 para sa mga empleyado ano po. So kahit na iyong mga nakapag-apply na eh mukhang delikado pa na mabigyan and possibly sabi nila baka ipapasa na lang daw sa Department of Finance o SSS. So that's something that you can probably clear up in the coming days.

And on another ano, totally different aspect po, gusto ko pong malaman, parang wala po yata kaming naririnig kung ano ang binanggit o anong utos o order ng Pangulo regarding dito po

sa mga sundalong sinawing-palad na mapatay ng Abu Sayyaf at ng NPA. Iyon lang po siguro Secretary Harry, if you will please.

**SEC. ROQUE:** Well una po, iyong tanong ninyo sa DOLE. Isa po sa ginawang remedy dahil naubos iyong budget ng DOLE ay ang magbibigay naman ng pera ngayon ay ang DOF 'no. Ito po iyong assistance sa lahat ng empleyado ng small and medium enterprises. So patuloy po ang pagbibigay ng 5 to 8 thousand sa mga empleyado ng mga maliliit na mga negosyo na napilitang magsara dahil po sa ECQ.

So in other words, patuloy pa rin ang ating ayuda sa ating mga manggagawa. At in fact nakasulat nga doon na iyong mga nakatanggap na sa DOLE, be it under the special COVID-19 fund or dahil doon sa TUPAD ay hanggang isang buwan lang ang makukuha dito sa tinatawag nating salary program para sa SMEs 'no. So ibig sabihin, mayroon pa rin silang isang buwan under the Department of Finance program!

Doon naman po sa sundalo, well nakakalungkot po talaga ang nangyari na sa panahon na dapat nagkakaisa ay nagkaroon pa ng ganitong pag-atake. At saka ito po ay napakalaking paglabag doon sa tinatawag nating laws and customs of war dahil nga napaka-inhumane ng ginawa nila. Ito po ay labag doon sa tinatawag na Common Articles III ng Geneva Conventions na mayroon na rin pong local implementing law ang ating IHL Act.

At ang sabi naman po ng Presidente, magbibigay siya ng financial assistance of up to P500,000 para naman doon sa pamilya ng mga napatay na sundalo.

**DAZA:** Okay. Napakasaklap ng nangyari diyan!

**SEC. ROQUE:** Of course iyong pabuya po natin at ayuda sa pamilya, hindi po katumbas iyan ng buhay pero iyon naman po ay pagkilala sa pagiging bayani noong namatay doon sa Patikul, Sulu.

**MUSNGI:** Ang Armed Forces po ba eh actively pursuing itong pong mga napakawalanghiyang mga tao na ito?

**SEC. ROQUE:** Opo. Eh kasi nakita ninyo naman talaga eh, wala na po talagang—tama po ang tawag ninyo, napakawalanghiya dahil sa panahon na ito ay nakuha pa nilang gawin iyon 'no. Akala ko maski may labanan, ang military objective naman hindi patayin at sa karumal-dumal pang mga pamamaraan, kung hindi it's to subrogate the enemy 'no, hindi kinakailangan pinapatay lahat 'no. Talagang international criminals po iyang mga bandidong Abu Sayyaf na iyan, terorista po talaga sila! So ang order po eh supilin talaga sila 'no. Hanapin, hulihin at panagutin; bigyan ng katarungan iyong mga napatay na mga sundalo.

**MUSNGI:** Okay. Secretary Harry maraming, maraming salamat po sa inyo ha.

**DAZA:** Maraming, maraming salamat Sec. Roque. Welcome back again.

**SEC. ROQUE:** Salamat, classmate. Thank you classmate and Boss Peter, thank you...

**MUSNGI:** Maraming, maraming salamat po sa inyo. Hanggang sa susunod ha, huwag po kayong mawawala ano po.

-

**SEC. ROQUE:** Opo, hindi po tayo mawawala.

**DAZA:** Oo, we'll be calling on you often.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much classmate.

**MUSNGI:** Okay. Presidential Spokesperson Harry Roque sa Walang Pasada, Said Trenta.

*###*

***SOURCE: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)***